# I
# Ang Bakasyunista

Nakaka-good vibes ang matitinis na tawanan ng preschoolers na natanawan ni Eula sa classroom. Awtomatikong gumaan ang bigat sa kanyang dibdib at hindi niya napigilan ang mag-selfie. Maingat siya na huwag makasama sa picture ang kahit sino sa mga bata o anumang mapagkakakilanlan sa mga ito. Mahirap nang mahabla ang *Dedicated Hearts School* na pag-aari ng tiyahin niyang si Belinda Villar. Sa panahon ngayon, may protocols na ang mga paaralan tungkol sa pagkuha ng litrato ng mga bata para na rin sa kaligtasan ng mga ito. Unang-una, kailangan may consent ng mga magulang.

"Pwede kang magturo para hindi ka mainip," nakataas ang kilay na sabi ng kanyang Tita Belle. Nakababatang kapatid ito ng mommy niya. Ito rin ang principal ng paaralan.

"Magtuturo po?" Hindi niya gusto ang ideya. "I don't know. Magsa-sightseeing lang po sana ako dito sa probinsya."

Nakangiting iginiya siya nito palakad sa hallway. First time niya sa Santa Catalina, Laguna, hometown ng ina, kaya noon lang din siya nakatapak sa nasabing school.

"Mana ka nga sa amin ng great grandfather mo. You're quite outspoken." Hindi niya alam kung compliment ba ang sinabi ng kausap, pero ikinangiwi niya ang mga sumunod na sinabi nito. "Well, bagong graduate ka pa lang at di pa nakakapag-board exam kaya naiintindihan ko kung gusto mong mag-relax muna." Niyakap siya ng babae. "I'm glad dinalaw mo ako rito."

Tumikhim si Eula. Nakokonsyensyang kumawala siya sa yakap nito. May sumulpot na dalawang mag-aaral na lalaki sa dulo ng pasilyo. Sa tantya niya nasa Grade Four ang mga ito.

"Ma'am Belle!" halos sabay na tawag ng dalawa.

"Si Joy po nasa stockroom at nagsisisigaw

po! May mumu raw po at maraming dugo!” sabi ng isa nang makalapit.

Napansin ni Eula na namumutla ang mga bata.

“Ano na namang kalokohan...” narinig niyang bulong ng tiyahin.

Nasa late thirties si Belinda at dalaga pa. Mestisa beauty ito taliwas sa kutis nila ng inang morena. Nasa 5’2” ang taas, petite at balingkinitan katulad nila ng mommy niya at ang pamimilog ng cat-like eyes nito ay hawig din sa ekspresyon nila kapag naaalarma.

Tinunghayan siya nito na composed pa rin ang mukha, pero parang sinisikap itago ang pagkaasar at pag-aalala. “Hintayin mo na muna ako sa office, Ursula.”

*Ursula?* She cringed at the sound of her first name. Sasabihin pa sana niya na ‘Eula’ na lang, pero nakalayo na ito para sumama sa mga bata.

Nagpadala siya sa pares ng kanyang loafers sa direksyong tinahak ni Belinda at ng dalawang mag-aaral. Na-curious siya dahil sa narinig na *mumu*.

Ayon sa kanyang Tita Bella, namana nito ang paaralan sa great-great grandfather niyang si Armando Villar na isa ring guro at founder nito. Ang kinaroroonan niyang building ay ni-

renovate daw nitong nakaraang buwan lang. Payapang asul ang kisame at maliwanag na krema ang mga dingding. Amoy bagong pintura pa ang mga pasilyong nadadaanan niya. May multo roon?

May ikalawang palapag ang nasabing building, pero hindi siya umakyat doon. Pagdating kasi sa hagdan pa-second floor ay nagulat siya sa tili ng isang batang babae. At nakita niya ang tiyahin at ang dalawang batang lalaki sa harapan ng isang saradong pinto.

May dalawang batang babae nang kasama ang mga ito. Parang inaalo ang mga ito ng Tita Belle niya. Nagkakakatok naman ang sumisigaw na bata mula sa loob ng silid.

“Palabasin n’yo ako! Tulong!” Nag-uutos ang tono pero halata ang pangamba sa munting tinig nito. “Maraming dugo rito! May mumu! May mumu!”

“Huminahon ka, Joy.” Sa kabila ng pagkataranta, kalmadong kinausap ni Belinda ang paslit. Hinawakan nito ang seradura ng pinto at tinangkang pihitin. “Naka-lock mula d’yan sa loob itong pinto—”

“Hindi ko po mabuksan, Ma’am Bella!” putol ni Joy. “Gawa po ng mumu… may multo po rito!”

“Walang multo!” Tila naubos na ang

pasensya ng tiya niya at nasigawan na nito ang paslit na nasa loob. “Tama na ang pananakot, Joy!”

“Aray…” naiiyak na sabi ng bata. “Ma’am, kinalmot po niya ako!”

Muli itong tumili at umiyak sa takot ang mga batang babaeng nasa labas ng pinto.

“Tama na, Joy,” saway uli ng tiya niya rito. “Tinatakot mo ang schoolmates mo.”

Humakbang si Eula papalapit sa grupo.

“Ursula?” Gulat na nilingon siya ng tiyahin. “Hindi ko ba sinabi sa’yo na hintayin ako sa office ko?”

Naramdaman niya ang nakakikilabot na lamig. *May multo nga!*

“Nasaan po ang susi ng classroom na ’to?” kaswal na tanong niya sa kapatid ng ina.

“Meron sa office.” Napabuntong-hininga ang babae na para bang ni hindi sumagi rito ang ideya. Pinlantsa nito ng mga palad ang suot na asul na bestida at matapos kapain ang naka-bun na buhok, kumilos ito paalis. “Kukunin ko lang. Samahan n’yo muna si Joy—”

“Ma’am, aalis na po kami!” sabi ng isa sa dalawang batang lalaki. “Uuwi na rin po kami. Ayaw na namin dito sa school.”

“Ako rin po,” umiiyak na sabi ng isa sa

mga batang babae.

"No!" Tuluyan nang naasar si Belinda. "Walang multo sa eskwelahang ito. Go back to your classroom and wait for your teacher. Walang multo rito."

Tumalikod paalis ang principal kasama ang mga bata.

Sumagi sa isipan ni Eula ang galit na reaksyon ni Belinda sa nakulong na paslit. Tingin ba nito ay pananakot ang ginagawa ng bata? Napaismid siya. Wala itong alam!

"Ma'am Belle?" Humihikbi man, nagpapakatapang pa rin ang tono ng bata sa likod ng pinto.

*Huwag kang makialam, Ursula!* Narinig uli niya ang babala sa isipan. Kinuha niya muna ang cellphone mula sa back pocket ng suot na jeans at pinihit ang doorknob. Kusang umikot iyon na tila wini-welcome siya. At sa kabila ng pagpigil sa kanya ng isang bahagi ng pagkatao niya, pumasok na siya sa kuwarto.

Nakaupo sa tabi ng pinto si Joy. Payat at maliit na bata ito. Ang singkit na pares ng mga mata nito ay hilam sa luha. Nanlaki ang mga paninging iyon nang makita siya. Akmang sisigaw ito, pero nadaluhan niya ito kaagad at natakpan ang bibig.

Tila napahiyang tiningnan siya ni Joy

nang tanggalin niya rin agad ang palad sa bibig nito. Marahan niyang pinahiran ang mga pisngi nitong basa sa luha gamit ang likod ng kanyang mga daliri.

“Ang akala ko mumu ka rin,” mahina nitong sabi.

“Ako, mumu? Sa wafa kong ’to?” Napalis ang ngiti niya sa sariling biro nang mapansing nagdurugo ang patpating braso nito. May apat na linya ng kalmot doon.

“Napaano ’yan?” Tumingin siya sa mga mata nito.

Tumungo ang bata sa sugat bago tila may naramdaman tulad niya at napatingin din ito sa kabilang bahagi ng stockroom.

Nasa dalawang dipa ang haba at lawak ng stockroom. May mga estante na may mga tambak na papel, folders, at mga lumang kahon. May cleaning materials din doon katulad ng walis, floor mop, dustpan, at iba pa. Nasa isang sulok ang nakita niyang aparisyon.

Animo’y chalk sa puti ang mukha ng multo. Itim na itim naman ang apple cut na buhok nito. Sa biglang tingin, hindi ito aakalaing kaluluwa. Isa itong paslit. Tila kasing-gulang lang ito ni Joy na sa tingin niya ay isang Grade One pupil. Nakapula itong bestida.

Hinawakan ni Eula ang kamay ni Joy

para lumabas na sila. Noon umalingasaw ang malansang amoy ng dugo sa silid.

"Ate, ang daming dugo—" Itinuro ni Joy ang halos kulay itim nang kisame. Umagos ang malapot na dugo sa kremang dingding, sa gawing likuran ng multo. Kumalat ang dugo sa sahig, minamantsahan ang puting doll shoes ng multo.

At nagmulat ng mga mata ang aparisyon.

Sanay na dapat si Eula. Pero natumba pa rin siya sa pagkaka-squat sa sahig. Duguan ang ulo ng batang multo habang nakatirik na ngayon ang mga mata nito. Kumibot ang bibig nito at tumili ito sa isipan niya: *Wayna!*

Nabitiwan niya ang hawak na phone para takpan ang magkabilang tainga. Napasulyap siya kay Joy. Nakapikit ito, tila nabibingi rin sa isang sigaw. Obviously, may third eye din ang paslit katulad niya. *Poor girl!*

Dinampot niya ang cellphone. "Smile!"

Napatingin si Joy sa kanya at saktong pose niya para kumuha ng larawan, nasa gawing likuran ang multo.

# II
# Ang Batang Minumulto

She felt betrayed. Naging sinungaling na naman siya.

*At kasalanan ng taong iyon!*

Napangiwi si Joy sa pagkirot ng pwet. Bukod sa kinuha nito ang kanyang tablet, napalo siya ng kanyang Lola Aina dahil sa ‘panggugulo’ raw niya.

Bago mag-uwian ay may mga magulang na sumugod sa school. Inireklamo siya ng mga ito dahil sa insidente nang nagdaang araw. Napatawag ang lola niya. Tinakot ‘daw’ niya ang mga schoolmates. Napailing siya.

Siya nga ang tinatakot ng mga batang iyon. Dalawang taon ang agwat sa kanya ng mga ito.

Mula Nursery ay mag-aaral na sa *Dedicated Hearts School* o *DHS* ang apat, pero kaka-transfer lang niya last year. Pangatlong school na niya ang *DHS* mula nang mag-Nursery siya.

Nakarinig siya ng katok mula sa labas ng kanyang silid. “Merry Joy?”

Hindi siya sumagot. Pinakiramdaman muna niya kung ang abuela talaga niya ang nasa likod ng pinto. “Huwag ka nang mag-aarte diyan at baka mapalo uli kita.”

Ang lola nga niya. Sure siya dahil sa masungit nitong tono. “Hindi po ako nag-iinarte, Lola,” sabi niya.

“Pupunta akong simbahan,” paalam nito. “May prayer meeting kami ngayong hapon at baka gabihin na ako.”

Mula sa pagkakadapa sa kama ay naupo si Joy. Na-imagine niya na todo pustura ang abuela. Naka-gel ang maigsing buhok at naka-white coat at slacks. Malaking babae ito, mas matangkad pa sa bagong teacher. Napasimangot siya. *Sa sinungaling na Ursula na ’yon!*

“May pagkain sa mesa,” patuloy ng matanda. “Magmerienda ka na lang. Mayamaya ay darating na si Nena. Kilala mo na siya, hindi ba?”

Si Nena ay bago nilang katulong. Stay-out

ito, tagapagluto, tagapaglaba at tagapaglinis ng bahay. Gusto niya rin itong maging yaya. Napabuntong-hininga siya. Sana ay magtagal ito.

"Kilala ko na po siya, Lola."

"Papasukin mo na lang," bilin nito. "Pero binigyan ko na rin siya ng susi kaya huwag kang magugulat kung may maririnig kang kumakaluskos." Ito naman ang bumuga ng hangin, parang naalala ang 'panggugulo' niya. "Huwag mong paandarin 'yang imahinasyon mo at baka ibitin na kita nang patiwarik. Huwag mo ring tatarayan si Nena."

Binelatan niya ang matanda. Malakas ang loob niya dahil hindi siya nito nakikita at naka-lock pa ang kuwarto niya.

Pinagpasensyahan siya ng mga magulang ng ibang bata at pinagbigyan uli siya ng principal. Pero sa susunod, paaalisin na raw siya ng *DHS*. Wala siyang pakialam. Sanay na siyang lumipat ng school. Wala rin sa Lola Aina niya. Inisnab nga lang nito ang mga nagreklamo sa kanya pati na si Ma'am Belle. Ang 'made-up' stories niya ang naging concern nito.

"Hindi ako mataray!" Hindi na niya napigilan ang pagsinghot. "At talagang may multo sa school. Meron din dito. Hindi ka

laging naniniwala. Mabuti pa si Mommy—"

Pinihit ng abuela ang seradura ng pinto niya. "Aba't batang ito! Buksan mo itong pinto. Huwag mong maikwento sa mommy at baka hindi ko na ibalik ang tablet mo. Maraming problema ang mommy mo sa U.K. at mamopo kang bata ka. Matatampal kita. 'Asan na ba 'yung susi?"

Nanlaki ang singkit niyang mga mata. "Sorry po!" sabi niya kaagad, ayaw na masaktan uli. "Good girl po ako, Lola!"

"Naku, kung hindi lang ako huli sa meeting…" Narinig niyang humakbang na ito papalayo. "Umayos ka, Merry Joy!"

Sa malakas na pagtaklab ng main door nila sa ibaba, itinuon na uli niya ang atensyon sa kirot ng pwet. Hindi niya kasalanan kung nakakakita siya ng mumu. Hindi rin siya gumagawa ng kwento. Ang akala nga niya, may kakampi na siya kay Ursula. Ito pa lang ang nakilala niyang nakakakita rin ng multo na tulad niya. At nakuha pang mag-selfie na naroon ang mumu. Hindi ito natatakot, pero sinungaling ito!

*"Wala pong multo, Tita Belinda."* Natatandaan niya ang sinabi nito sa principal na tita pala nito. *"Nasira lang po ang doorknob kaya hindi makalabas itong bata."*

*“At ang mga kalmot?”*

*“Nagasgasan po siguro siya sa estante.”*

Napatingin siya sa brasong natatakpan ng gasa.

“Siya ang tunay na sinungaling. Liar.” Asar na nagtatalon siya sa ibabaw ng kanyang kama. “Liar ang Ursula na ’yon! Ketanda-tanda na… Liar! I hate her.”

“Merry Joy?” Natigilan siya pagkarinig sa boses ni Nena. Dumating na pala ang bagong kasambahay.

Mabilis na bumaba siya sa kama at tinungo ang pinto para lumabas. Balak niya talagang magkulong sa silid hanggang sa may makasama na siya. Sa kuwarto siya naglalagi sa mga pagkakataong naiiwan siyang mag-isa sa loob ng bahay. Pinaka-safe kasi ang kuwarto niya. Hindi roon nagpaparamdam o nagpapakita ang kahit ano.

Binuksan niya ang pinto.

“Merry Joy…” Naging paos ang tinig; tipong pangmatandang mangkukulam sa *Snow White* na paborito niyang cartoon.

Napatili siya sa gulat.

Malaki ang nilalang, nababalot ng maitim na usok. Nakakulay kape itong bestida. Isang itim na belo ang nakapatong sa ulo nito, itinatago ang mukha. Nagsimula siyang

makakita at makaramdam ng mga multo nang mag-Nursery siya.

Isinara niya ang pinto at napaupo habang nakasandig dito. Hawak ang dibdib na napaiyak siya. Saglit lang niya itong nakita, pero tumatak na sa isipan niya ang nakakakilabot na imahe ng multo… na inakala niyang si Nena.

“Mommy, umuwi ka na,” naibulong niya sa bukas na bintana ng silid. Katapat iyon ng pinto. Ang liwanag mula roon ang nagpapasigla sa malaking kuwarto niya na maraming antigong gamit.

“Umuwi ka na po, Mommy.” Isinubsob na ni Joy ang luhaang mukha sa mga kamay. Alam niya, hindi rin naniniwala sa kanya si Joanna Palad, ang mommy niya, pero uunawain at poprotektahan siya nito.

“So, ano talaga ang nangyari?” Binigyan ni Eula ng lollipop si Chelsea bago ito tanungin. Isa ito sa dalawang batang babaeng umiiyak nang ma-lock si Joy sa stockroom.

Namutla ang paslit. Habang subo ang pulang lollipop ay nilalaro nito ang pares ng pigtails. Tila ayaw na nitong alalahanin ang nangyari.

“Walang multo, Chelsea. Wala akong nakita. Baka natakot lang sa anino si Joy —”

Inalis ni Chelsea ang lollipop sa bibig. “Eh, bakit may mga sugat po siya, Teacher?”

Ipinantay niya ang mga mata rito. “Nagasgasan siya sa mga estante. Masikip kasi stockroom, di ba?”

Nakagat niya ang dila. Ayaw niyang magsinungaling pero no choice siya kung gusto niyang maging normal ang buhay niya or at least, kung gusto niyang tratuhin siyang normal ng kapwa niya!

“Weird po kasi si Joy,” komento ni Chelsea. “Ang sungit po niya at mayabang. Matatakutin naman. Tinatakot pa niya kami. Gusto po kasing paiyakin ni Lloyd si Joy. Isinama niya kami.”

Si Lloyd ay ang batang mataba na isa sa mga sumundo kay Belinda. Ang ina nito ay kabilang sa nagreklamo ukol kay Joy at nagtaray sa tiya niya.

“Anak naman pala niya ang pasimuno!” bulalas niya.

“Teacher Ursula?”

“Teacher Eula,” pagko-correct niya. “Ano ’yun?”

Ayon sa paslit, inaya ng mga ito si Joy na maglaro at pagdating sa stockroom ay ikinulong

nila ito at tinakot na may multo roon. Laking gulat na lang daw nila nang magsisigaw si Joy. Noon na tinawag ng dalawang batang lalaki ang tiya niya.

"So, ang lesson dito?"

"Hindi po namin dapat na ikinulong si Joy."

"Tama!" Iyon talaga ang pakay ni Eula: ang ipaunawa sa schoolmates ng batang may third eye na hindi maganda ang ginawa ng mga ito. "Swerte n'yo kasama n'yo ang mga mumshies n'yo. Ang sabi ni Teacher Belle, nasa abroad ang mommy ni Joy at wala na siyang daddy. Ang lola lang niya ang kasama niya—"

"—kaya po papansin siya, sabi ng mommy ko at ni Teacher Belle."

Hindi iyon ang gusto niyang marinig mula sa bata, pero tinakbuhan na siya nito. "Salamat po sa lollipop, Teacher Ursula!"

"Eula... na lang." Napabuntong-hininga siya. "Ang lakas makapang-asar!"

Nakonsyensya siya sa pang-iiwan sa ere kay Joy. At wala siyang balak na makialam sa multo nito. Pero hindi pumasok ang paslit nang sumunod na araw matapos itong ireklamo ng ilang magulang. Lalo siyang na-guilty. Naisip niyang dapat na may gawin siya para sa bata.

*And that's the best thing you can do,*

*Ursula?* untag ng isipan. *Ang i-convince ang schoolmates ni Joy na huwag na itong i-prank?*

"Shatap ka nga d'yan!" reklamo niya sa sarili. "At pwede ba, 'Eula' na lang? Pati ba naman ang inner self ko, Ursula pa rin ang ipinipilit itawag sa akin?"

Napasulyap siya sa kahabaan ng hallway na kinaroroonan, nag-alala na baka may nakarinig at isiping praning siya. Totally deserted naman. Siya na lang ang naroroon. Sinulyapan niya ang digital clock sa android phone. Siguradong nag-uuwian na ang mga bata, kabilang na si Chelsea na tinakbuhan siya.

Pauwi na rin sila ng tiya niya, may ipinakukuha lang ito sa library sa second floor ng eskwelahan. Nagmadali na siya. Pero habang paakyat sa hagdan naalala niyang hindi pa siya nagpo-post ng picture niya for that day. At least apat na beses siyang nag-a-upload sa *FB* niya para… wala lang. Para ipakita sa buong mundo na lagi siyang wafa!

Napahagikgik siya na parang luka-luka at ini-ready na ang pag-a-apload ng 'ATM' sa social media. Nadiskubre niya na magandang spot ang pinaka-landing ng ikalawang palapag. Mapula pa ang kanyang mga labi, pero nagpahid pa rin siya ng lipstick at

ngumiti na sa harapan ng phone. Sa gawing likod niya ay ang kulay krema na dingding na sa hindi maipaliwanag na dahilan ay naging napakalungkot.

*Dahil siguro sa sobrang katahimikan?*

Noon tumaas ang balahibo ni Eula sa magkabilang braso. Pagkuwa'y naramdaman niya ang nakakikilabot na lamig na pamilyar na sa kanya.

"Wait lang—" Na-capture siya ng camera phone na nakanganga at sa malas, nai-upload niya iyon. Nagmukha siyang palaka!

May halos isanlibong friends siya sa social media. Nakailang 'Like' kaagad siya at mas inulan ng emoticon na nakatawa.

Bumaling siya sa pasilyo, tila bumaba na ang ulap doon. Namuo ang manipis na mist, senyales na may aktibong multo. "Ang lakas mong mam-badtrip. What do you want, ba?"

Mula sa bukas na pinto ng isang silid-aralan, humakbang palabas ang dalawang maliliit at puting sapatos. Napigil niya ang hininga nang itaas niya ang tingin sa may-ari ng mga iyon. Ang batang multo sa stockroom!

Marahang lumakad ito papunta sa kanya nang nakatungo at nakalaylay ang magkabilang mga balikat. Puting-puti ang balat nito, raven black ang buhok, at pula ang

bestida. Umaagos ang dugo mula sa ulo ng paslit na tumulo sa mukha nito. Pumatak ang dugo sa mga puting sapatos nito hanggang sa naging pula na rin ang mga iyon.

Napaurong si Eula. Nilabanan niya ang takot. “You can’t hurt me.” O kinukumbinsi niya lang ba ang sarili?

Nadama niya ang pwersang dumiin sa kanan niyang braso. Kasunod ay ang apat na masasakit na paghiwa sa balat niya. Napamaang siya sa malalalim na kalmot na naiwan sa braso. Mahahaba, pa-vertical mula sa wrist niya kahawig ng sugat ni Joy. Kagagawan iyon ng batang multo.

Hindi pa roon natapos. Tinangka pa siyang itulak ng malakas na pwersa. Kung hindi siya napahawak sa railings ng stairway, tuluyan na siyang nahulog. Mahigpit na hawak niya ang cellphone sa isang kamay at muntikan nang mapasigaw nang muling mapatingin sa aparisyon.

Isang hakbang na lang ang layo nito sa kanya. Amoy ang nabubulok na kalamnan, close-up niyang nakita ang patay na kulay nito. Obvious na obvious ang nangingitim na ugat nito sa mapuputlang braso at binti. At ang ulo nito, naunawaan na ni Eula kung bakit doon nagmumula ang masaganang dugo. *Basag ang*

*noo nito!*

Gumalaw ang tuyot at maitim na mga labi ng batang multo.

*Wayna.* Narinig niya iyon sa kanyang isipan. Bumaba ang nakatirik na mga mata nito at napapikit na siya. *WAYNAAA!*

Wala na ang multo sa muling pagmulat niya. Pero naroon pa rin sa bisig niya ang malalalim na kalmot. Kinuha niya sa bulsa ang panyo niya para dampian ang nagdurugong mga sugat.

*It must be a vengeful ghost.*

"Aray!" daing niya pero nakuha pang picture-an ang malalalim na kalmot. At ini-upload pa.

#Catfight. Tinayp niya iyon at nakailang likes na naman siya. May nag-iwan ng ilang umiiyak na emoticon. Kabilang ang mommy niya. At nag-comment ito: *Please come home, Eula.*

Napasimangot siya. Awtomatikong nawala ang kaba niya na idinulot ng nangyaring insidente. Nag-log out siya sa *FB* at sinikap ituon ang isipan sa pangalang iniwan ng multo. Napailing siya. Maaaring nagpapatulong ito. At base sa pananakit na ginawa ay nagbabanta rin.

*No.* Ayaw niyang makialam.

Lola Aina ang pangalan ng guardian ni Joy. *Aina. Wayna. Could it be...*

# III
## Si Lola Aina

*So, you are really going to do it?* untag ng inner self niya.

*Delikado. I know, right?* sagot niya. *So, shatap. Huwag makulet!*

Kinukumbinsi pa rin ni Eula ang sarili habang nakamasid sa maglola. Pumasok na si Joy nang sumunod na araw. Saktong ang klaseng kinabibilangan nito ang ipinahawak sa kanya ni Belinda.

Kaswal na sinalubong niya ng ngiti ang mag-abuela. Inismiran siya ng mga ito. *Maglola nga!*

*"Ano'ng chika mo sa lola ni Joy, Tita?" Pasimpleng in-interview niya si Belinda nang*

*nakaraang gabi. "Ang lakas kasing magsungit."*

*"Anong chika ka d'yan?" Kasalukuyang gumagawa ng reports ang tiyahin. Itinapat nito ang hintuturo sa nguso. "Ingat sa pananalita, Ursula. Ang pamilya Palad ay maipluwensya rito sa Santa Catalina. Baka bigla ka na lang ipadampot sa pulis."*

*Natawa siya. "Chos, Tita?"*

*"Chos?" Apparently, kabilang sa Generation X ang babae. "Meaning?"*

*"Never mind, Tita."*

*Umiling ito. "Marami na ang naidemanda at naipakulong ang pamilya niyan." Bumuga ito ng hangin. "Mga matapobre ang mga 'yan. Masasama ang ugali kaya papalit-palit ng katulong lalo na noong nabubuhay pa ang nanay ni Lola Aina, ang lola sa tuhod ni Joy. May mga bata noong napabalitang sinaktan sa malaking bahay, anak daw ng katulong. At isipin pang mga relihiyosa kuno ang mga 'yan!"*

*Medyo lumakas ang pananalita ni Belinda. Siya naman ang nagdampi ng hintuturo sa bibig. "Pero wala naman pong napabalitang namatay o nawalang bata dahil sa kanila?"*

*Tiningnan siya nang kakaiba ng tiyahin. "Wala naman. Para saan ba ang pag-uusap na 'to?" Napasulyap ito sa mga plaster niya sa braso. "At napaano 'yan? Saan ka nasugatan?"*

*"N-nasabit po sa pako," pagsisinungaling niya.*

*Nag-ring ang phone ng kausap.* Saved!

*Sinagot kaagad ito ni Belinda. "Hello, Ate Bern?"*

*Bumagsak ang mukha niya. Ang ina ang tumawag. Mabilis na pumihit siya palabas ng kuwarto nito. "Najejebs ako, Tita —"*

*"Ano? Heto ang mommy mo, gusto kang makausap!"*

*"Natatae po ako, Tita," dahilan niya.*

*"Henerasyon n'yo talaga." Napakamot ito sa ulo. "Mag-Tagalog ka kasi."*

*"Pasabi po tatawagan ko na lang siya," pakisuyo niya.*

Pero hindi nag-return call si Eula kay Bernadette Noriega. Hindi na rin ito tumawag sa mismong cellphone niya dahil alam nitong hindi niya sasagutin. At doubtful din siya na may sinabi ito kay Belinda.

Masama pa rin ang loob niya sa mga magulang. Palaging nag-aaway ang mga ito at kamakailan lang, nagpasya ang dalawa na maghiwalay na. Bilang nag-iisang anak, nasaktan siya. Parehong mahal niya ang mga magulang at hindi niya matanggap na ganoon lang masisira ang kanilang pamilya. Gusto niyang mag-isip pa ang mommy at ang daddy

niya, ayusin pa ang problema. Pero buo na raw ang desisyon ng dalawa. Nag-walkout siya nang kausapin siya ng mga ito tungkol sa desisyong magkanya-kanya ng landas.

“Teacher Ursula,” pukaw sa kanya ng isa sa walong batang tinuturuan. Ibinigay nito ang Math worksheet na pinapasagutan niya. “Magpapa-check po.”

“Galing naman,” nakangiting puri niya rito matapos busisiin ang mga sagot nito.

Nabura ang ngiti ni Eula pagtalikod ng kausap. Muli niyang naalala ang problema sa mga magulang. Gusto niyang makadama ng kapayapaan ng isip kaya dinalaw niya ang kanyang Tita Belinda. Gusto sana niyang makapag-relax—

Nakasimangot na ibinigay ni Joy ang papel nito sa kanya. Walang sagot ang worksheet at sa halip, dalawang salita ang nakasulat: LIAR KA.

“Sori na nga.” Sa buong twenty-one years niya sa mundo, ngayon lang siya humingi ng pasensya sa isang pitong taong gulang na paslit—at dinededma lang siya nito.

“Ako tuloy ang naging liar,” taas-noong saad nito. “At napalo pa ako sa ginawa mo.

Kinuha rin ng lola ko ang tablet ko!"

"Tablet?" Hinabol niya ito.

Binelatan siya nito. "Nang dahil sa 'yo, hindi ko makakausap ang mommy ko sa abroad hanggang mamaya!"

"Ah, tablet pala na gadget. Sorry naman."

Sadya palang hindi inihahatid ni Lola Aina si Joy. Nagkataon lang na may meeting ang matanda sa simbahan nang nakalipas na umaga kaya sumabay na sa apo. Malaki na raw si Joy kaya solong pumapasok at umuuwi. Ewan ni Eula sa salitang 'malaki' dahil maliit ito para sa edad na pito, pero mature sa kilos at pananalita. Tipong kabilang sa Baby Boomers. Ang lola ba naman ang kasama sa bahay. *Ang lakas makaimpluwensya!*

Nagprisinta siyang sabayan ito sa paglalakad pauwi para mag-sorry. At para na rin simulan ang imbestigasyon. Mamaya pa raw kasi uuwi ang matanda. Chance na niya iyon para maging isang sleuth—Sherlock Holmes ang peg.

*Sure ka na talaga?* pangungulit uli ng inner self ni Eula.

*No choice!* Sa tingin niya, hindi na rin siya titigilan ng batang multo katulad ni Joy.

At bakit sila? Dahil kaya sa third eye nila?

Tila humihingi ng katarungan ang

aparisyon. Sa tingin niya, may gumawa rito ng masama at kailangan niyang hanapin ang salarin para matahimik ito.

*Sounds dangerous, right?*

Ang hanapin ba naman ang bad person? Paano kung siya ang gawan ng masama? Paano kung nahanap niya ito pagkatapos siya naman ang patayin? Saklap!

Hindi naman kasi siya imbestigador o pulis, di ba? Isa lang siyang bagong college graduate na nagpapakadalubhasang magpaka-Gen Z at mabuhay nang normal. Pero nakokonsyensya rin siya sa atraso kay Joy at nakaka-relate siya sa pinagdadaanan nito.

Sampung taon siya nang ma-bother sa mga multo. Matagal na siyang nakakakita ng mga kaluluwa pero hindi siya pinapansin ng mga ito. Nang mag-Grade Four siya nagsimulang matakot dahil kinakausap na siya ng ilan sa mga ito at may isa pang masamang espiritu na nanakit sa kanya.

Bukod sa nakakakilabot na makakita at makarinig ng mga aparisyon, nakakalungkot din na walang naniniwala. Nakakasama ng loob na iwan ng mga kaibigan at layuan. Isang dahilan din iyon kung bakit hindi pa nagtangkang mag-love life si Eula.

Mabuti na lang, natulungan siya ng naging

yaya niya. Grade Six siya nang dumating ito sa buhay niya. Katulad din niya itong active ang sixth sense. Naturuan siya nito kung papaano dedmahin ang mga multo. Sa kasamaang palad, positibo siyang hindi niya mai-ignore ang batang multo ngayon.

"Kung tutulungan ba kita, BFF na tayo?" Reluctant pa rin siyang mangako sa bata. Gusto na lang kasi niyang mag-selfie at mag-*FB* habang nasa tiya. Tinatamad nga siyang magturo maggo-ghost hunting pa siya? Pero sabi nga, hindi siya titigilan ng multo. Paano pa siya makakapag-relax?

"Nakalmot ka rin niya?" Ang mga marka niya sa braso ang tinutukoy ni Joy.

"Kahapon. So, pareho na tayong bubuwisitin niya kaya gusto kitang tulungan."

"Paano?"

"Ipakukulong natin… ang lola mo. Chos!"

Tinawanan ni Eula ang biro niyang kalahating totoo. Si Joy naman ay iniwan uli siya sa paglalakad sa gilid ng kalsada. Naabutan niya ito sa tatlong malalaking hakbang.

"Chos nga lang, ito naman! Tutulungan kita, promise."

Tiningala siya nito. "Nakunan mo siya ng picture, di ba? Si Wayna?"

"Tinawag mo siyang 'Wayna'?" Nginisihan niya ito. "Alam mo na 'Wayna' ang pangalan ng mumu?"

Tinaasan siya nito ng kilay. "Ano'ng gusto mong itawag sa kanya? Mumu lang? Ha, Ursula?"

Balewala kay Eula na hindi mangupo sa kanya ang bata o kung sungitan man siya nito na parang hindi siya nakatatanda. Pero ang tawagin siya nitong 'Ursula'? Humalukipkip siya at pinormalan ang kasama.

"Teacher Eula—kung gusto mong tulungan kita."

Huminto ang paslit, seryosong tiningala siyang muli. Sabukot ang ponytail nito, kailangan nang ayusin. Pero sadyang may class ang aura ni Joy, tipong yayamanin kahit nakasimpleng blouse, shorts, at tsinelas lang. Ini-adjust nito ang isang strap ng maliit na pulang backpack na sakbat nito.

"Okay, Teacher Eula." Bumuntong-hininga ito. "Pero bakit pala natin ipakukulong ang lola ko?"

Malaki at lumang bahay-Kastila ang tinitirhan ng maglola. May tatlong palapag ito at nakakulong sa matataas na bakod. Abala

ang kasambahay sa mga gawaing-bahay kaya malaya siyang nakapaghalughog sa mga gamit ng matanda sa tulong ni Joy.

"Iniisip mo ba na kapangalan ni Wayna si Lola Aina at masamang tao ang lola ko kaya siya ang naisip mong may kasalanan sa mumu?"

"Merienda, Merry Joy!" Si Nena. "Pakainin mo ng turon si Teacher mo!"

Mabuti na lang at hindi umakyat ang katulong sa second floor. Tumawag lang ito mula sa ibaba. Huling-huli dapat sila sa loob ng kuwarto ni Lola Aina na katabi lamang ng silid ni Joy.

"Bababa kami mamaya, Ate Nena."

"Po?" paalaala niya. "Be polite po."

Tinirikan siya nito ng mga mata at diniinan ang salitang 'po' sa pananalita. "Bababa 'po' kami mamaya, Ate Nena."

Tumayo si Eula mula sa pagkakaluhod sa harapan ng pinakamababang drawer ni Lola Aina. May dalawang antigong aparador sa silid na parehong nasa kanan ng malaking kama. Nahalungkat na niya ang una. Matatapos na rin siya sa pangalawa na wala pa ring nakikita. Habang mga damit ang laman ng unang aparador, ang ikalawa ay puro mga abubot at mga sapatos. Sa ibabaw ng isang mesa ay mga

imahe ng mga santo.

Nangalay, nag-stretch siya ng mga binti at napangiwi nang mapansin ang itim niyang jeans na nagkulay gray na sa alikabok. Ang puting three fourths niya ay madumi na rin.

Pinagpagan niya ang sarili. “Ang dumi pala rito.”

“Hindi kasi makapaglinis,” kaswal na saad ni Joy. “Matagal kaming nawalan ng katulong. Lagi kasi kaming nilalayasan. Kasalanan ko raw sabi ni Lola. Mataray daw ako at tinatakot ko raw sila.” Inusisa uli siya nito sa tanong ukol sa abuela. “Sa tingin mo, salbahe si Lola at siya ang may kasalanan sa pagkamatay ni Wayna?”

“Sa tingin mo pinatay si Wayna?” Naki-‘Wayna’ na rin siya.

Sinisikap niyang huwag sagutin ang paslit ukol sa matanda dahil hindi naman siya sigurado. Naghahanap pa siya ng mga ebidensya. Pero baka rin kasi nagkamali siya ng dinig o mali ang alam ng multo na pangalan. Malapit ang Wayna sa Aina. O hindi ba? Sabi rin ng tiya niya, may history ng pagkasalbahe ang pamilya ng matanda. Hindi kaya posibleng suspect si Lola Aina sa pagkamatay ng bata? Baka kaya ito nagpapaka-active sa simbahan ay para mapagtakpan ang kasalanan. Ang

hard ba niya? Masyado bang far-fetched?

"Nakita mo naman, putok ang ulo ng multo. Tingin ko, pinatay si Wayna," sagot ng bata. "Baka pinukpok ng martilyo o inihampas ang ulo… parang sa *YouTube*."

Napanganga siya rito. "Girl… huwag ka na ulit manonood ng gan'un, okay? Pwede rin kasi na nadapa si Mumu o naaksidente kaya putok ang ulo. Huwag kang masyadong dark."

"Pero bakit mo naisip na may kasalanan si Lola?"

Humakbang si Eula palabas ng kuwarto. "Wala na bang ibang taguan ng gamit si Lola Aina mo?" Natanaw niya ang isang bukas na pinto sa kanang pasilyo, sa dulo.

"Mabait ang lola ko." Naiintindihan niya ang nararamdamaman ni Joy. Kahit na handa itong tulungan siya para tantanan sila ng multo, mahal nito ang abuela. "Istrikta lang si Lola at hindi niya ako pinakikinggan pero mahal niya ako at ang mommy ko—"

Natigil sa sinasabi ang paslit at naintindihan niya kung bakit nang dumampi ang malamig na hangin sa kanyang balat.

Hindi alam ni Eula kung saan ito eksaktong sumulpot, basta malapit na sa kanila ang multo. Nakabelo itong itim. Kulay kape ang bestida nito. Nakalutang ito habang binabalot

ng maitim na usok. Yumakap na lang si Joy sa kanya. Lumuhod siya para pakalmahin ito. Nanginginig na isinubsob ng paslit ang mukha sa balikat niya.

"Huwag mo akong ipapakuha!" sabi ng bata.

Hinigpitan niya ang yakap kay Joy habang nakatingin sa kaluluwa. Sinikap niyang maging kalmado, gustong alamin kung ano ang pakay ng aparisyon. SOP na niya iyon para makipag-communicate sa kanya ang multo. Pero wala siyang narinig na boses. Mukhang ayaw nitong makipag-usap. At nadiskubre niya kung bakit.

"Joy, kausapin mo siya."

Pero paglingon dito ng bata ay naglaho na ang multo.

"Kausapin mo siya sa susunod na magpakita siya sa 'yo." Labis ang panghihinayang ni Eula. Iyon na sana ang tamang pagkakataon.

Umiling ang bata. "No! Natatakot ako. Ayoko!"

"Mas dapat katakutan ang mga buhay, Joy." Pero naiintindihan nga ba nito ang sinasabi niya? After all, bata lang ito.

"Basta, ayoko." Inakay na siya nito patungo sa silid sa dulo ng pasilyo. "Hindi ko siya kakausapin."

Nag-aalala siya na baka narinig sila ni

Nena at masira ang pakay niya sa bahay na iyon. Itinuloy na lang niya ang paghahanap ng posibleng ebidensya sa pinuntahang kuwarto na isa palang mini-library. Sa mismong office table roon, nakita niya ang isang folder ng news clippings ng mga na-abduct na babae taong 2008.

Bakit may file si Lola Aina ng mga iyon?

“Ano’ng ginagawa n’yo rito?” Kapwa sila napaigtad ni Joy sa malaking boses. “At bakit pinakikialaman n’yo ang case study ng mister ko?”

*Case study?*

# IV
# Ang Kriminal

"Dating pulis ang lolo ko," kaswal na paliwanag ni Joy na kung tutuusin ay 'too late' na. Napagbintangan na niya sa isip ang abuela nito.

Humalukipkip si Lola Aina, pinandidilatan pa rin siya habang hinihintay ang sagot niya. Maliit ang library, mainit pero nilalamig siya. Lagot na kung lagot, pero ayaw niyang ma-report sa mga pulis o maisumbong siya nito sa tiya niya.

Tumikhim si Eula, nakaisip na ng palusot. "Nagsusulat po ako ng crime story at nabanggit po ni Joy na may mga files po kayo—"

"Teacher Eula—" putol ni Joy. Agad na

tinakpan niya ang bibig nito. "Hala, mauubo ka na naman. Magkakalat ka ng germs. Bumaba ka na muna d'un kay Ate Nena mo at humingi ka ng tubig."

Nang bubulung-bulong na lumabas ang bata ay nakangiting binalingan niya ang matanda. "Nakalimutan ko lang po, pero na-mention na rin po ng mabait at matalino ninyong apo na magaling na pulis ang jowa n'yo. Education po talaga ang tinapos ko, pero gusto ko pong maging isang writer. May gusto po akong pagpapasahang publishing company—"

"Dami mong sinasabi," putol sa kanya ng babae. "Pamangkin ka ba talaga ng principal? Anong crime story ba ang gusto mong isulat?"

*Like lola, like apo nga talaga*, naisaloob ni Eula. *Kung maka-interrupt ay wagas.* Pabebeng nginitian niya ito at nag-usisa na tungkol sa mga files na nahalungkat.

Ayon kay Lola Aina, taong 2018 nangyari ang pinakamalaking kasong nahawakan ng asawa nito: ang pangingidnap sa apat na babae na kalaunan ay mga nahanap din. Mga biktima na rape ang mga ito at isa lang ang natagpuang buhay para tumestigo. Norman Racsag ang pangalan ng suspect. Nang panahon ng paglilitis ay nasa edad 28 ito.

Napapayag niya ang matanda na ipahiram sa kanya ang casefile, pero wala sa mga na-abduct na babae si Wayna. Mga bata ang naging biktima pero teenagers ang mga ito. Ang pinakabata ay thirteen years old.

“Ursula?” Tila pambawas-stress lang na marinig ang kanyang pangalan. Kung bakit kasi sa pangalan pa ng lola niya sa side ng ina isinunod ang kanyang pangalan.

“Yes, Tita?” Pinagbuksan niya ito ng pinto sa guestroom na tinutuluyan niya. “Eula na lang po, malaking please?”

“Eula na kung Eula,” sabi nito at sumeryoso lalo ang tono. “Sinabi na sa akin ng Mommy mo ang dahilan kung bakit ka nandito. Maghihiwalay na raw sila ng daddy mo?” Kalahating tanong lang iyon.

Kumirot iyon sa puso niya. “Kung kelan pa sila tumanda. I know, right?”

Napabuntong-hininga ang tiyahin. “I’m sorry, hija. I know how you feel. You are upset kaya ka umalis. But you should go home, Eula. You both love them. At nag-iisa ka nilang anak. Mahal na mahal ka nila. Hindi magbabago iyon kahit maghiwalay pa ang mga magulang mo.”

Iniwan siya nito matapos sabihin iyon.

Inayos niya ang sarili at nag-lipstick. Pilit ang ngiting nag-pose siya sa camera phone at

nag-selfie. It was her way of telling the world and herself na okay lang siya.

Parang walang nangyari nang magkita sila kinabukasan ni Teacher Eula sa klase. Matapos siya nitong tanguan at batiin along with her classmates, nagturo na ito.

Kataku-takot na tanong ang ibinato sa kanya ng lola niya. At dahil hindi naman siya marunong magsinungaling, nabuking siya ng matanda na hindi nagsasabi ng totoo si Eula. At lalo itong nagalit nang aminin niya na tinutulungan siya ng teacher sa mumu niya.

*"At kinunsinti ka pa ng teacher mong 'yon? Kung anu-ano pa ang ipinasok d'yan sa ulo mo? Huwag na siyang magpapakita sa akin at baka ipapulis ko siya!"*

Gusto niyang bigyan ng warning si Teacher Eula, pero hindi niya masabi dahil tila wala ito sa mood. Matamlay ito hindi paris nang naunang araw na energetic itong nagturo. Pinapag-practice silang magbasa ng teacher. Pinag-solve ng Math problems. Nang mag-recess ay saka lang siya nakakuha ng chance na kausapin ito.

"May… may nalaman ka ba tungkol kay Wayna?" tanong niya.

May isusubo sanang lollipop si Eula, pero sa bibig niya iyon isinaksak ng teacher. Gusto siyang patahimikin nito na ikinainis niya.

Inalis niya sa bunganga ang kendi at nagreklamo. “Ang damot mo talaga. Lagi mo na lang akong hindi sinasagot. ’Yung tungkol sa na-picture-an mo si Wayna, di mo pa rin ako sinasagot!”

“Kalma lang, bata.” Sila lang dalawa ang naglalakad sa pasilyo, pabalik sa classroom nila. Itinapat nito ang daliri sa mapulang nguso nito. “Well, waley pareho. Puting usok lang ang nasa sa selfie ko kay Wayna. Wala pa rin akong na-gets na clue sa nangyari sa kanya.”

Bumuntong-hininga si Joy at sinabi ang pinoproblema. “Napaamin ako ni Lola na tinutulungan mo ako kay Wayna. Nagalit siya sa ’yo at ang sabi ay huwag ka na raw magpapakita sa amin.”

Ang tila wala sariling aura nito ay awtomatikong naging listo. “Ano?”

“Sorry,” sabi niya agad. “Hindi naman kasi ako liar, eh!”

Tiningnan siya ni Eula. “Well, FYI, kung minsan kailangang maging liar. Lalo na sa case nating dalawa. Kung lagi tayong magsasabi ng totoo, iisipin ng iba na baliw o siraulo tayo. Gusto mo bang walang kaibigan habambuhay?

Gusto mo bang layuan dahil sa pagiging weird? Hindi sila makakaintindi at mas mabuting magsinungaling para maprotektahan natin ang iba at ang mga sarili natin."

Bumuntong-hininga si Joy.

"Anyway, hindi ko rin alam kung matutulungan pa kita dahil pinauuwi na rin ako sa Maynila."

Pakiramdaman niya ay pinagtaksilan siya. Hindi na pala siya tutulungan ni Eula. Ayaw na nitong maging BFF sila.

Pinigilan niya ang maiyak sa pag-atake ng takot, disappointment at kalungkutan. Nag-walk out siya. Nagtatakbo.

"Joy!" Halatang nataranta ang teacher.

Pero dumerecho siya hanggang sa makarating malapit sa hagdan pa-second floor. Doon ay nadulas siya.

"Joy!"

Nagmadali siya sa pagbangon sa pagtawag uli sa kanya ni Eula. Masama ang loob niya rito.

Napamaang siya. May dugo ang mga kamay niya! Nagmula iyon sa sahig. Kaya ba siya nadulas? Binabaha ng dugo ang sahig at nanggagaling iyon sa hagdan. Parang tubig galing sa ilog ang daloy ng dugo. Hindi na niya nagawang tumayo dahil sa takot.

Pulang-pula ng umaagos na dugo. Napuno ng nakakasukang amoy ng dugo ang ilong niya at kasabay niyon ay narinig niya ang matinis na boses ng isang bata sa mga pandinig niya: *Wayna! Wayna!*

Itinayo siya ni Eula, pero bago pa man siya nito mahila, naabutan na sila ng malakas na agos ng dugo at kapwa sila tinangay ng malapot, malansa at pulang likido. Nagsisigaw na sila.

"Ursula? Joy!" Si Belinda ang tumatawag sa kanila.

Shocked ang mukha nito habang nakatunghay rin sa kanila ang iba pang mga bata. Nasa grupo rin ang Ate Nena ni Joy. Dilat na dilat din ang malaki nitong mga mata sa pagkakatingin sa kanila. Natuklasan ni Joy na nakayakap siya kay Eula. Kumalas siya rito at iginala ang mga mata sa paligid. Wala na ang maraming dugo.

"What happened?" Inis ang tono ng principal na nagpalipat-lipat ang tingin sa kanilang dalawa.

"Daga po, Tita, kadiring daga," sagot ni Eula at sinulyapan siya.

"May rat po." Napakagat-labi siya sa kasinungalingan. "Malaking daga."

May tatlong araw pa siya para tulungan si Joy. Lunes ay kailangan na raw niyang bumalik sa Maynila ayon sa tiya niya. Hindi na raw siya puwedeng tumuloy sa pamamahay nito hangga't hindi siya umuuwi at nakikipag-ayos sa mga magulang.

Of course, tutulungan pa rin niya ang paslit. Hindi rin niya matitiis ang bata lalo pa at relate na relate siya sa pinagdaraanan nito ngayon.

*"Ako na lang po ang magbabalik ng case file," pangako niya kay Nena na kaya pala nagpunta sa school ay para kunin ang hiniram niya kay Lola Aina.*

Ayaw pa sana ng house help dahil pagagalitan raw ito ng abuela ng bata, pero nagmatigas na lang siya. Kaya nang hapong iyon ay todo ang pagsuri niya sa mga larawan ng mga biktima ni Racsag.

Nakakakilabot ang hitsura ng mga napaslang na babae. Ang nabuhay na thirteen tear old ay nakatakas mula sa bahay na pinagkulungan dito sa Calle Aguinaldo. Pero ang tatlong mga sinawing-palad ay natagpuan sa magkakaibang lokasyon. Ang dalawang nasa edad labing-siyam ay nakita sa labas ng bayan ng Santa Catalina, sa ilog at sa gubat. Ang huling kade-debut pa lamang ay nakita sa

isang kanal, malapit sa Calle Aguinaldo. Ayon sa mga report, namatay sa saksak ang mga biktima ni Racsag.

Nakadama ng takot si Eula nang matuon sa larawan ng kriminal ang atensyon.

May hitsura ito kahit papaano. Katamtaman ang taas, may matangos na ilong, at almost shoulder-length na buhok. May maamo itong mukha na maaaring dahilan kung bakit ito nakakapambiktima. Pero tila walang kaluluwa ang mga mata nito. *Rapist killer?*

Tinaasan siya ng balahibo. *Huwag ka nang tumuloy sa pag-iimbestiga!*

Nilabanan niya ang pangamba. Pumatay ng tatlong tao si Racsag at ayon sa report ay patay na ito. Wala na ito sa mundo kaya wala siyang dapat ikatakot.

"Eula?" tawag ng tiyahin mula sa ibaba. "May bisita ka."

Mabilis na binuksan niya ang pinto ng silid na tinutuluyan para mas marinig si Belinda. "Nena raw," dagdag nito. "May ipinakukuha raw si Mrs. Palad."

*Tegi na*, naisaloob niya at napa-make face.

"Hindi makapaghintay ang lola," naibulong na lang niya at binalikan ang mga larawan sa ibabaw ng kama para ibalik sa folder.

Namataan niya ang cellphone na naiwan

din niya sa higaan. Napailing siya. Pwede nga palang kunan na lang ng larawan ang mga dokumento. Narinig niyang pinaakyat ng tiya ang katulong sa kanyang kuwarto kaya nagmadali siya sa pagpi-picture. Saktong sumulpot ang babae sa pinto ay ready na ang case file para maisoli.

"Teacher Ursu—"

Hindi niya ito pinatapos sa pangalan niya. "Picture tayo, ha?" Tila lito pa na bahagyang tumango ito. Kaswal na hinila niya ito sa tabi niya at itinapat ang camera sa kanilang dalawa. "Groufie!"

Pagkaalis ng katulong, ipinasya ni Eula na umpisahan ang pag-iimbestiga sa Calle Aguinaldo. Isa sa mga biktima ay nahanap malapit doon. Ang nakaligtas ay nakulong sa isang bahay roon.

Kinagabihan ay nagpaalam si Eula sa tiya na pupunta sa grocery.

"Magna-nine na, Eula," paalala nito, kinunutan siya ng noo. Diskumpyado. "Ano ba ang bibilhin mo? At bakit todo jacket at jeans ka na parang magtatagal ka sa labas?"

"Super dali lang po ako, pramis," nakangisING sabi niya. "TTYL, Tita."

"Oo na, talk to you later."

"Gen Z ka na rin, Tita."

Nawala ang magandang pakiramdam ni Eula nang makalabas ng bahay. Hindi kasi biro ang gagawin niya. Hindi rin siya sigurado kung may makukuha siyang clue ukol sa pagpaparamdam ni Wayna. Pwedeng si Racsag ang killer, pwedeng hindi. Kung mapatunayan ba niya na si Racsag ang may sala sa batang multo, matatahimik ba ito at hindi na sila guguluhin ni Joy? Sa ngayon, wala talaga siyang masabing koneksyon sa mga ito.

Nasa gitna ng bayan ang bahay ng tita niya. Ang Calle Aguinaldo ay halos palabas ng bayan at residential iyon. Napansin niyang sarado na ang mga bahay at mangilan-ngilan na lang ang mga naglalakad na tao sa labas. Wala halos dumadaang sasakyan at napakatahimik ng paligid.

Tanda niya ang hitsura bahay na pinagkulungan sa nakaligtas na teenager, pero wala siyang nakitang kahawig niyon na bahay sa Calle Aguinaldo. Marahil ay dahil sa sampung taon na rin ang lumipas.

May narinig siyang kumilos sa gawing likuran niya. Pagpihit ay napasigaw si Eula nang iamba ng pigura ang patalim na hawak nito sa kanya.

# V
# Crime Scene

Sa panaginip ni Eula ay pinagsasaksak siya ng estranghero sa Calle Aguinaldo. Nagising siyang pinagpapawisan ng malamig.

Nabigo siya sa paghahanap sa bahay kaya umuwi na lang siya bago mapagsarhan ng tiya. Masyado siguro siyang nag-iisip kaya siya nanaginip ng masama.

*No, you can't quit*, sabi ng inner self niya.

Pero bad vibes ang panaginip. Hindi ba dapat sign na iyon na mag-back out siya? Pero hindi niya pwedeng pabayaan si Joy.

Hindi pumasok ang bata nang umagang iyon. Ang sabi ng tiyang principal, hindi na raw ito papasok doon.

"Bad influence ka raw," saad ni Belinda. Kinompronta siya ng tiya sa opisina nito. "Ang sabi ni Mrs. Palad, kinukunsinti mo raw ang apo niya sa paniniwala nito sa multo. Totoo ba 'yun?"

Ang ayaw ni Eula sa pagsisinungaling, kapag naumpisahan ay nagsasapot-sapot na. The only way to stop it was to tell the truth. Pero may reputasyon siyang dapat pangalagaan—ang maging ordinaryo at hindi maging isang weirdo.

"Syempre hindi, Tita," kaswal na sagot niya at naupo sa silya, sa harapan nito.

Hindi kalakihan ang opisina nito. Tanging isang stand fan, payat na cabinet, office table, at ilang silya ang naroon. Walang bintana, pero maaliwalas ng silid dahil maluwang ang pinto.

Iginala niya ang mga paningin sa diploma at ilang certificate na nakakuwadro sa kaliwang bahagi ng opisina bago ituloy ang paghahabi ng kwento. "Ginagamitan ko lang ng psychology si Joy, ganern!"

Si Belinda ay nasa likod ng mesa nito, nag-aayos ng mga gamit sa bag. "Talaga lang?"

"Kinakaibigan ko lang 'yung bata, Tita. Hindi naman ako naniniwala sa mumu niya, sinasakyan ko lang siya para mapaamin ko siya sa pagsisinungaling niya—"

"Ikaw ang liar!" Binayo ang dibdib niya sa matinis at mataray na boses na iyon.

Kapwa sila napabaling sa direksyon ng bukas na pinto. May bisita pala sila. Sina Lola Aina at Joy. Sabay silang napatayo ng tiya.

Tila higante at dwende ang dalawa. Habang napakaliit ng bata sa puting T-shirt at maong shorts nito, naalala niya ang sariling pangalan sa matanda. Elegante ito sa semi-formal wear na blazer at slacks, pero sa makeup, naka-gel na buhok, at sa malaking bulto, mas bagay na ito ang tawaging 'Ursula' na witch sa istoryang *The Little Mermaid*.

Nasalubong ng cat-like eyes niya ang singkit na mga mata ng paslit. Narinig nito ang lahat ng sinabi niya. *Oops!*

Nag-storm out na ang bata, nagba-bounce ang pigtails na napakanipis. Gustuhin man niyang sundan ito at magpaliwanag, parehong nakatingin sa kanya si Lola Aina at ang tiya niya. Kapwa matiim ang pagkakatingin sa kanya, animo'y hinihintay siyang umamin sa isang kasalanan.

Nagkibit-balikat siya sa dalawa.

"Pumunta lang kami rito para mag-refund ng bayad," saad ng mas malaking babae. Hanggang tainga sila nito kahit medyo nakakuba na.

“Hindi n’yo na po talaga papapasukin si Joy?” Concerned ang mukha ni Belinda. Pinlantsa nito ng mga kamay ang striped na dress nito.

“Hindi na.” Umismid si Lola Aina. “Ililipat ko na siya ng eskwelahan. At pumayag ang mommy niya dahil unhealthy daw ang environment n’yo rito.”

“Unhealthy?” Halatang naasar ang tiya pero kalmado pa rin ito. Mukhang magpoprotesta sana ito at ipaglalaban ang paaralan, pero inilahad na ng kausap ang palad.

“Ngayon mo na ba ire-refund o bukas na?”

“Pero pag-isipan n’yo po muna, Lola—”

“Hindi mo ako lola,” putol nito. “Magsasama na ba ako bukas ng pulis o abogado? Huwag mo akong abalahin, hija. May prayer meeting pa kami mamaya.”

“Saang kulto po?”

Pabulong lang iyon pero tila malakas pa ang mga pandinig ni Lola Aina. “Ingat sa pagsasalita, hija,” baling nito sa kanya. “At baka maisipan kitang ipakulong sa pagte-trespassing.”

“Trespassing?” Napakunot-noo sa kanya ang tiyahin.

“Sinamahan ko si Joy pauwi minsan, Tita Belinda,” paliwanag niya.

Binalingan siya ng matanda. “Sa susunod na pasakayin mo ang apo ko, may kalalagyan ka.”

Natahimik si Eula.

Ang akala ni Joy pababayaan na lang ng abuela ang teacher sa kwentong ginawa nito. Pero matapos magsumbong ni Lola Aina sa mommy niya, nagkasundo ang dalawa na mas makabubuting sa bahay na lang siya. Ililipat na rin siya sa ibang eskwelahan.

Dapat masaya na siya. Kung hindi na siya papasok sa *DHS*, hindi na niya makikita si Wayna. Solved na ang problem niya. Pero nanggaling na rin siya sa mga eskwelahang may multo. At napalipat siya ng paaralan dahil sa mga iyon. Paano kung may mumu pa rin sa magiging bago niyang school?

Ayaw na niyang umalis sa *Dedicated Hearts School.* At least, naroon ang Teacher Eula niya. Gagabayan siya nito at tutulungan.

Nang umagang narinig niyang pupunta ang abuela sa school, nagpumilit siyang sumama para ipagtanggol si Eula. Sasabihin niya dapat na nagsinungaling lang ito dahil nagmamalasakit ito sa kanya. Laking gulat niya nang marinig ang mga sinabi nito sa

principal. Kinaibigan daw siya para paaminin sa pagsisinungaling niya?

“Merry Joy, uuwi na ako.” Si Nena ang kumatok sa kanyang silid. “Pauwi na rin ang lola mo. Ipinagprito kita ng saging. Magmeryenda ka na’t mainit pa.”

Hindi sumagot si Joy. Isinubsob niya ang mukha sa unan niya. Ugali niya iyon kapag asar. Narinig niya ang mga yabag ni Nena papalayo at mayamaya pa ay tumaklab na ang main door nila sa ibaba.

Itinuon niya ang atensyon sa tablet. Nag-log in siya sa *Facebook* para pumunta sa wall ng mommy niya. Hindi ito mahilig mag-*FB*. Busy lagi ang ina sa ospital kaya kung day-off ay karaniwang natutulog lang ito. Kahit gaano ito kabala, araw-araw sila nitong kinukumusta.

“I miss you, Mommy,” sabi niya habang nakatingin sa mga picture ng ina sa wall nito. Pawang mga naka-tag lang. Madalas ay naka-scrub suit na sky blue na uniporme nito sa ospital.

Kahawig niya ang mommy niya. Singkit ang mga mata at maputi. Nasa 5’6” ang height nito at balang-araw tatangkad din siya nang ganoon. Mas magiging matangkad siya sa Teacher Eula niya!

“I miss you, I miss you,” bulong uli niya sa

nakangiting mukha na profile picture ng ina. Pero next year pa ang uwi nito. Wala pa ring magpoprotekta sa kanya.

Napatingin siya sa mga kalmot ni Wayna sa braso niya. Tuyo na ang mga iyon, pagaling na. Naisip niya ang teacher. “Liar. Hindi raw naniniwala sa mumu ko.”

Napabuga si Joy ng hangin. Baka ginawa iyon ni Teacher Eula dahil ayaw nitong malaman ni Ma’am Bella na nakakakita rin ito ng multo. Hindi siya dapat magalit dito. Pero hindi rin niya alam kung kailan ito dapat paniwalaan. Ang mahalaga, BFF pa rin siya ng teacher.

Nagutom na siya. Bumaba siya ng kama at napagbuksan ng pinto ang multong nakaitim na belo.

Bumalik si Eula kinagabihan sa eskwelahan ng tiyahin. Friday night. Walang pasok kinabukasan o sa Linggo. Iyon lang ang oras na makapag-imbestiga siya sa paaralan. At magandang chance din iyon dahil umalis si Belinda.

Nakipag-date ito sa isang suitor.

*Akalain mo iyon?*

Maganda ito, pero sa sobrang dedikasyon

nito sa school, hindi niya in-expect na may time pa ito para magpaligaw. Natuwa na rin siyang hindi tatandang dalaga ang kapatid ng ina.

Naka-black jeans siya at hoodie. Tila ninja na maingat niyang binuksan ang padlock sa gate ng *DHS* gamit ang susi ng tiyahin. Nakuha niya iyon nang walang hirap sa kuwarto nito.

Binuksan niya ang flashlight ng phone matapos makapasok sa hallway ng paaralan at kasabay niyon, naramdaman niya ang presensya ng batang multo.

“Mas malamig pa sa labas, huh?” naibulong niya. “Parang nasa freezer lang?”

*Huwag kang tumuloy, Ursula!* anang inner self niya. *Bumalik ka na sa komportableng guestroom at sa pag-a-upload mo ng selfies mo sa FB.*

Inisnab niya ito.

Hindi alam ni Eula kung saan magsisimula. Madilim ang mga pasilyo, sarado ang mga silid-aralan. Bukod sa nakapangingilabot na lamig ng paligid, napakatahimik din. Tanging ang mahihinang yabag at tibok ng puso niya ang naririnig niya.

Doubtful siyang magpapakita si Wayna. On the mission kasi siyang tulungan ito. Ang kapal ng mukha nito kapag kinulit pa siya

ngayon.

Sumagi sa isipan ni Eula kung kaya niyang gayahin ang ginagawa ng mga napapanood niyang psychic sa cable T.V.—nagko-concentrate para pakiramdaman ang nangyayari sa paligid. Gusto niyang subukan kung kaya niya iyong gawin. Anong bagay ang pwede niyang hawakan? Saang lugar pwedeng namatay si Wayna?

Sa hagdan pa-second floor? Saan nga ba niya unang nakita ang batang multo?

May liwanag sa punong hagdan sa ikalwang palapag. Sa parteng iyon kasi ay may ilaw na nakabukas. Misteryoso ang dating ng liwanag at hindi niya nahindian ang tawag ng pagse-selfie.

Hindi naman niya iyon ipo-post sa *Facebook*, souvenir lang. Pero inalis pa rin niya ang hood at inayos ang maigsing buhok bago i-set ang camera ng android phone.

"Selfie," bulong niya, todo ngiti kahit shadow lang ang mukha sa pagkakatalikod niya, sa liwanag mula sa second floor.

Saktong pagtunog ng shutter ng phone, nakita niya ang pagbungad ng pigurang may mahabang buhok sa punong hagdan ng ikalawang palapag. Napalingon siya sa gulat, pero walang tao roon. *Multo?*

Nag-palpitate ang puso niya. Kung sana nga lang ay in love siya. Pero malabo dahil wala pa sa bokabularyo niya ang love life. At haller—kaba ng takot ang nadama niya!

Ang nakita niya ay ang umatake sa kanya sa panaginip. Pumihit na siya pabalik. Maiihi na siya sa takot. Sumulpot sa harapan niya ang bangungot.

Iniamba nito ang patalim sa kanya. Nakaiwas siya pero sa pagkataranta, nabitiwan niya ang phone. Tinangka pa niya iyong damputin, muling umamba ang kutsilyo para sa kanya. Muntikan na siyang mahagip. Naiiyak na nagtatakbo na siya pabalik sa madilim na hallway.

*Teacher Eula,* naisaloob ni Joy. *Where are you?*

Kakatwang ang dalaga ang ipinagdarasal niyang magpoprotekta sa kanya at hindi ang Lola Aina niya. Pagagalitan lang naman kasi siya ng abuela sa halip na aluin at palakasin ang loob, hindi tulad ng teacher. Hindi pa rin umuuwi ang lola niya. Ang sabi ng stay out na katulong, parating na ito pero dumilim na ay wala pa ito.

Naisara niya ang pinto ng kuwarto

pagkakakita sa multo sa kanilang bahay. Pero kung dati ay nawawala kaagad ang presensya nito, nanatili ito sa labas ng silid niya nang mas matagal, tila hinihintay siya. Dama ni Joy ang ginaw na parang nanggagaling sa labas ng kwarto niya.

Naalaala niya ang payo ni Eula.

*Kausapin mo siya sa susunod na magpakita siya sa 'yo.* Napailing siya at napaiyak. Parang hindi siya makahinga.

*Mas dapat katakutan ang mga buhay, Joy!*

Nasa likod pa rin siya ng pinto. Kinapa niya ng mga kamay ang doorknob. Napakalamig niyon, tila nag-freeze na.

Nakakita si Joy ang pangitain: nagkakagulo sa matandang bahay. Nasaksihan niya kung paanong binaril ng lalaki ang isang malaking babae. Nakakulay kape itong bestida at itim na belo, katulad ng suot ng multo sa bahay nila. Napatili siya.